



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 7 REGULAR NA SESYON NG IKA- 10 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG 13 AGOSTO 2019, 12:00 NG HAPON SA PULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Pangalawang Punong Bayan	Gualberto V. Magno	- Tagapangulo
Konsehal	Jerwin S. Dimapilis	
Konsehal	Agustin L. Cusi	
Konsehal	David D. De La Cruz	
Konsehal	John John S. Yason	
Konsehal	Robert S. Quiatchon	
Konsehal	Lucille T. Bacay	
Konsehal	Juan Rafael M. Talens	
Konsehal	Ronel S. Sescar	
Konsehal	Elmira May V. Tarac	- Pangulo, Pamahayag Pederasyon ng Sangguniang Kabataan
Konsehal	Celso M. Dimapilis	- Pangulo, Liga ng Barangay

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 027
Taong 2019

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG NAGING PUNONG BARANGAY NG BARANGAY BAGUMBAYAN, G. RAUL D. HERMOSO.

- SAPAGKAT, si G. Raul D. Hermoso ay naglingkod sa Barangay Bagumbayan simula noong taong 1990 hanggang sa taong 1997;
- SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkod na ito ay nagsikap siya sa abot ng kanyang kakayahan at kaalaman na mabigyan ng kalutasan ang mga pangangailangan at karangalan ng kanyang mga kabarangay;
- SAPAGKAT, kahit sa kanyang maliit na kaparaanan ay ginampanan niya ng buong katapatan, kasipagan at may dedikasyon ang tungkuling sa kanya ay inatang at ipinagkatiwala ng mamamayan at ng pamahalaan;
- SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang pamamalagi sa daigdig na ito, ipinakita niya ang pagsisikap na maging isang mabuting lingkod-bayan, responsableng asawa at ama ng kanyang mga anak, tapat at mabait na kaibigan sa kanyang mga kasama sa paglilingkod sa pamahalaan;
- SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro samap ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay sa mga naulila ng dating Punong Barangay Raul D. Hermoso.


GUALBERTO V. MAGNO


FERDINAND V. TALENS, MPA


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Lucille T. Bacay at sa nagkalat nang mungkahi ng lahat –

IPINASIYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na dating Punong Barangay ng Barangay Bagumbayan, G. Raul D. Hermoso ang taunpusong pakikiramay ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASIYA RIN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya ng pumanaw na dating Punong Barangay ng Barangay Bagumbayan, Roxas, Oriental Mindoro.

PINAGTIBAY: 13 Agosto 2019

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


GUALBERTO V. MAGNO
Pangalawang Punong Bayan